



## TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 2020 - 018  
Serye 2020

KAUTUSANG NAG-AAMYENDA SA TUNTUNIN 5 AT 8 NG KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 2020-016 AT TUNTUNIN 2 NG KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 2020-017 NA PINAGTIBAY NOONG IKA-17 AT 18 NG MARSO, 2020, UPANG MAILAGAY ANG SABAY NA ORAS AT ARAW NG PAGBUBUKAS AT PAGSASARA NG MGA ESTABLISYIMENTO SA BAYAN NG BULAKAN AT MGA BARANGAY. ITO AY MULA IKA-5:00 NG UMAGA HANGGANG IKA-5:00 NG HAPON AT PAGDARAGDAG NG REGULASYON PARA SA PRIBADONG SASAKYAN NA NAGYAYAOT SA MGA LANSANGAN NG BAYAN NG BULAKAN.

Ipinag-uutos ng Pang-Ehekutibong Kautusan na ito ang sumusunod na pagbabago sa naunang ipinasang Kautusan:

**TUNTUNIN 1.** Ilagay ang pagtatama sa TUNTUNIN 5 at 8 ng KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 2020-016 na pinagtibay noong Ika-17 ng Marso, 2020:

**Orihinal:** "TUNTUNIN 5. Pagsuspindi sa pamamasada ng lahat ng mga pampublikong sasakyan tulad ng bus, jeep at traysikel. Ang mga traysikel ay maaring gamitin depende sa pangangailangan ng gagamit kung ito ay gamit upang bumili ng pangunahing pangangailangan (gamot, pagkain)."

**Amyenda:** "TUNTUNIN 5. Pagsuspindi sa pamamasada ng lahat ng mga pampublikong sasakyan tulad ng bus, jeep, traysikel at iba pang kahalintulad nito.

Ang mga pribadong sasakyan (motor, jeep, kotse, van at iba pang kahalintulad) ay maaaring gamitin depende sa pangangailangan, kung ito ay gamit upang bumili ng pangunahing pangangailangan (gamot, pagkain at iba pa), at pagdadala ng mga maysakit sa pagamutan at maysakit na nangangailangan ng dagliang lunas (*emergency cases*).

Sa mga "delivery services" ng mga pagkain, gamot at iba pa. Maglagay ng poster sa harap ng sasakyan na:

"DELIVERY SERVICES OF

Gayundin, kung ang pribadong sasakyan ay sakay ang kawani ng mga establisyimento at ang mga kawani na kabilang sa *skeletal workforce* ng pamahalaan na tinutukoy sa *Memorandum from the Executive Secretary of Malacañang Palace* na pinapayagang nakabukas."

**Orihinal:** "TUNTUNIN 8. Sarado ang lahat ng establisyimento. Maliban sa mga pribadong establisyimento na nagbibigay ng pangunahing pangangailangan tulad ng may kaugnayan sa pagkain at nagsusuplay ng gamot; i.e. pamilihang bayan, supermarket, convenience stores, groserya, ospital, klinika, tindahan ng gamot at pharmacies, mga naghahanda ng pagkain at mga nagdedeliber, water refilling stations, manufacturing at processing plant of basic food products at medicines, bangko, money transfer services, power, energy, water and telecommunications supplies and facilities ay marapat na bukas para sa pangangailangan ng mamamayan.

Ang mga nasabing establisyimento ay bukas lamang mula ika-7:00 ng umaga hanggang ika-7:00 ng gabi."

**Amyenda:** "TUNTUNIN 8. Sarado ang lahat ng establisyimento. Maliban sa mga nagbibigay ng pangunahing pangangailangan tulad ng may kaugnayan sa pagkain at nagsusuplay ng gamot; i.e. pamilihang bayan, supermarket, talipapa, convenience stores, restaurants, mga laan sa take-out (lugawan, karinderya), groserya, sari-sari store, ospital, klinika, tindahan ng gamot at pharmacies, mga naghahanda ng pagkain at mga nagdedeliber, water refilling stations, manufacturing at processing plant of basic food products at medicines, bangko, money transfer services, power, energy, water and telecommunications supplies and facilities ay marapat na bukas para sa pangangailangan ng mamamayan.

Ang mga nabanggit na establisyimento ay bukas lamang mula ika-5:00 ng umaga hanggang ika-5:00 ng hapon mula Lunes hanggang Sabado. At sarado para sa paglilinis sa kanilang lugar kung araw ng Linggo (Disinfection Day).

Gayundin, kasabay ang araw ng pagbubukas at pagsasara nito para sa mga nasa barangay sa iskedyul tulad ng sa Pamilihang Bayan. Maliban lamang sa mga pagamutan, klinika at bilihan ng gamot:

| TUESDAY-THURSDAY<br>SATURDAY<br>(T-TH-S)<br>5:00am - 5:00pm | MONDAY-WEDNESDAY<br>FRIDAY<br>(M-W-F)<br>5:00am - 5:00pm | SUNDAY              |
|-------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------|---------------------|
| Talipitip                                                   | Matungao                                                 | Disinfection<br>Day |
| Pitpitan                                                    | Sta. Ana                                                 |                     |
| Perez                                                       | Bagumbayan                                               |                     |
| San Nicolas                                                 | San Jose                                                 |                     |
| Bambang                                                     | Balubad                                                  |                     |
| Sta. Ines                                                   | Tibig                                                    |                     |
| Maysantol                                                   | San Francisco                                            |                     |
|                                                             |                                                          |                     |

Sa ganitong pamamaraan, ang isa sa miyembro ng pamilya ay mayroong takdang araw at oras ng paglabas sa

tahanan upang bumili ng pangangailangang gamot, pagkain at iba pa.

Ang mga barangay sa pamamagitan ng kanilang Punong Barangay ay binibigyan ng kapangyarihan na magsagawa ng mga nararapat na hakbang upang mapadali at maging maayos ang pagpapatupad ng paglabas sa tahanan ng kani-kanilang nasasakupang mamamayan bilang pag obserba sa *Community Quarantine*."

**TUNTUNIN 2.** Ilagay ang pagtatama sa TUNTUNIN 2 ng KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 2020-017 na pinagtibay noong Ika-18 ng Marso, 2020:

**Orihinal:** "TUNTUNIN 2. **SOCIAL DISTANCING.** Ipinagbabawal sa lahat ang mga pagtitipon-tipon ng mamamayan simula sa petsang nakasaad sa Tuntunin 1, kaugnay nito ay ipatutupad ang mga sumusunod na gawain:  
xxx"

**Amyenda:** "TUNTUNIN 2. **SOCIAL DISTANCING.** Ipinagbabawal sa lahat ang mga pagtitipon-tipon ng mamamayan simula sa petsang nakasaad sa Tuntunin 1.

Ang lahat ng establisyimentong tinatalakay sa Tuntunin 2 ay bukas lamang mula ika-5:00 ng umaga hanggang ika-5:00 ng gabi, mula Lunes hanggang Sabado at sarado ng araw ng Linggo bilang Disinfection Day at ipatutupad ang mga sumusunod na gawain:....xxx"

**TUNTUNIN 3.** Ang sinumang lalabag sa itinakda ng Kautusang ito ay papatawan ng kaparusahang administratibo at kriminal base sa itinakda ng Batas Nasyunal at mga lokal na Kautusang Bayan.

**TUNTUNIN 4.** Ang Kautusang ito ay ipatutupad para sa pangangalaga ng mamamayan habang nasa estado ng COVID-19. At magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

**PINAGTIBAY** ngayong ika-19 ng Marso, 2020 sa Bayan ng Bulakan.

  
**VERGEL C. MENESES**  
Punong Bayan